

~ Alamin nating mabuti ang Japan ~

Enero 2024 Winter issue

Mga Paksa

Alamin natin ang pana-panahong kagandahan sa pamamagitan ng man-ga "Setsubun (節分)"

◇Bagong Taon ng Hapon — Bakit hindi natin subukan ang calligraphy?

◇National sport ng Japan "Sumo"

Kokugo no mori "Ikonekta ang mga salita"

ALAMIN NATIN ANG PANA-PANAHONG KAGANDAHAN SA PAMAMAGITAN NG MAN-GA

— Setsubun (節分) —



Setsubun (節分), isang tradisyonal na kaganapan sa Japan

Ang Setsubun ay sa Pebrero 3. Ito ay isang kaganapan kung saan ang mga beans ay inihahagis habang sinasabi ang "Oni wa soto" Fuku wa uchi"(lumabas ang demonyo!pumasok ang swerte!) upang itaboy ang masasamang espiritu at pagsalubong sa bagong taon. Kumain ng parehong bilang ng beans gaya ng iyong pagbibilang ng edad (kasalukuyang edad + 1), at kumain ng ehomaki nang tahimik habang gumagawa ng isang kahilingan. Kumain habang nakaharap sa eho (ang direksyong maghahatid sa iyo ng kaligayahan). Ang masuwerteng direksyon para sa 2024 ay silangan-hilagang-silangan.

Ang "Tomo" ay naglalathala at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan at mga puntos para sa pag-aaral ng Japanese na may furigana at nasa siyam na wika (Vietnamese, Chinese, Pilipino, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongol, at English). Ang bersyon ng Japanese ay ihahatid bilang isang leaflet, at ang bersyon ng wikang banyaga ay maaring tingnan sa format na PDF mula sa website ng JITCO sa inyong smartphone. Mangyaring gamitin ito. (<https://www.jitco.or.jp/ja/tomo/>)





— Bagong Taon ng Hapon — Bakit hindi natin subukan ang 書初(Kakizome)?

Ang Kakizome o calligraphy ay isa sa mga kaganapan sa Bagong Taon ng Hapon at tumutukoy sa pagsulat ng mga titik at larawan sa simula ng taon. Ang mga salita na nagpapahayag ng mga layunin at pagsisikap para sa bagong taon, at mga idyoma na naghahangad ng kalusugan at kaligayahan ay kadalasang isinusulat gamit ang tinta at isang brush. Bakit hindi isulat ang iyong mga layunin para sa taong ito at ang iyong mga pangarap para sa hinaharap sa isang malaking piraso ng papel?



Sa isyu ng Enero, nakausap namin ang dalawang tao mula sa Vietnam na nagtatrabaho sa Aioi Electronics Industry, na nagdaraos ng kumpetisyon sa kakizome bawat taon. "Bilang karagdagan sa Kakizome contest, nagdaraos din kami ng iba't ibang mga kaganapan sa buong taon, tulad ng mga coming-of-age ceremony, cherry blossom watching, strawberry picking, at mga fireworks display. Ang karanasan sa kultura ng Hapon ay nagpapalalim sa pag-unawa sa Japan at nagbibigay ng pagkakataon para sa mas mahusay na komunikasyon," sabi ni Yajima Gengo, presidente ng kumpanya.



Kooperasyon : 相生電子工業株式会社 (神奈川県高座郡寒川町)



元王カ 元 手カ
シン

(Sulat-kamay)

■Mangyaring sabihin kung bakit mo sinulat ang 成長 (seicho)

—Apat na taon na ang nakalipas mula noong dumating ako sa Japan, at pakiramdam ko ay nag-grow ako bilang resulta ng pag-aaral ng maraming bagay, kaya pinili ko ang program na ito.

■Mangyaring sabihin sa amin ang iyong impresyon ng sumulat ka na gamit ang tinta at brush.

—First time kong gumamit ng brush. Bagama't may mga brush sa Vietnam, hindi ito karaniwang ginagamit. Noong una, mahirap magsulat dahil napunit ang papel.

■Ano ang kasiyahan mo ngayon?

—Mahilig akong mag-travel. Nang pumunta ako sa Shirakawa-go sa Gifu, nakakita ako ng snow at namangha ako.

■Nagkaroon ka ba ng anumang paghihirap pagdating mo sa Japan?

—Nakaramdam ako ng kalungkutan dahil hindi ko makita ang aking pamilya. Ngayon, nakikipag-video call ako sa mga araw na walang pasok.

■Mangyaring sabihin sa amin ang iyong mga pangarap at layunin para sa hinaharap.

—Pagbalik ko sa Vietnam, gusto kong magtrabaho gamit ang aking natutunan sa Japan.



■Mangyaring sabihin kung bakit mo sinulat ang 団結 (pagkakaisa).

—Pumili ako ng isang salita na nangangahulugang maraming tao ang nagkakaisa sa kanilang mga pagsisikap at nagtatrabaho sa parehong direksyon.

■Mangyaring sabihin sa amin ang iyong impresyon ng sumulat ka na gamit ang tinta at brush.

—First time kong gumamit ng brush. Napakahirap na isulat ito nang maayos, kaya maraming beses ko itong isinulat habang tumitingin sa isang example.

■Namangha ka ba ng dumating ka sa Japan?

—Maraming ulan ang Vietnam at mainit sa buong taon, ngunit may apat na panahon ang Japan: tagsibol, tag-araw, taglagas, at taglamig.

■Ano ang paborito mong pagkaing Japanese?

—Sushi po. Pero hindi ako mahilig sa hilaw na pagkain. Mahilig ako sa natto.


■Mangyaring sabihin sa amin ang tungkol sa impresyon mo sa Japan nang dumating ka rito.

—Pumunta ako sa Japan dahil gusto ko ang Japan. Hindi ko ito napagtanto bago ako pumunta rito, ngunit maraming iba't ibang uri ng mga Hapon, tulad ng mga mababait, mahirap na pag-uugali, at mga taong mahigpit sa kanilang trabaho. Minsan nalilito ako at iba ang paraan ng pag-iisip nila kumpara sa mga Vietnamese, ngunit sa aking paninirahan dito, unti-unti akong nasanay sa mga Hapon at sa kanilang paraan ng pag-iisip.



ファン ティ ミー フェン

(Sulat-kamay)

Ang JITCO ay nagbebenta ng iba't ibang "materials para sa pag-aaral ng Japanese". Mayroon ding mga textbooks na nagbibigay-daan sa iyo upang matuto ng mga pangunahing pag-uusap na karaniwang ginagamit sa mga teknikal intern training site. Mangyaring tingnan ang website na "JITCO Teaching Materials Online Shop".  <https://onlineshop.jitco.or.jp/>



National sport ng Japan "Sumo"

Ang 相撲 (Sumo) ay isang martial art at kompetisyon na natatangi sa Japan, at isang kultura na may mahabang tradisyon. Ito ay tinatawag na "national sport." Ang pinanggalingan nito ay lumang panahon na, noong mythical times pa.

Unang kumalat ang sumo sa buong Japan bilang isang ritwal sa mga pagdiriwang upang ipagdasal ang masaganang ani. Aktibo rin itong isinagawa bilang isang pagsasanay para sa labanan noong panahon ng samurai, na nagtagal mula sa mahigit 800 taon na ang nakalilipas hanggang sa humigit-kumulang 400 taon na ang nakararaan. Pagkatapos, noong naging panahon na ng kapayapaan, ang mga "Rikishi o wrestler", na tawag sa mga taong ang propesyon ay makipagkumpetensya sa sumo, ay lumitaw, at ang sumo ay naging popular bilang libangan na kailangan magbayad upang mapanood ito.

Sa mahabang kasaysayan nito, naitatag ang mga patakaran para sa isports, at kasabay nito, ang hitsura, pamumuhay, at paraan ng pakikisalamuha sa lipunan ng mga sumo wrestler ay naging isang kultura na nagpapatuloy hanggang ngayon. Ang isang halimbawa na madaling maunawaan ay ang hairstyle na tinatawag na "chomage", kung saan ang mahabang buhok ay nakatali at inilagay ng kaunti sa tuktok ng ulo.

Maraming mga salita na ginamit lamang sa mundo ng sumo na naging mga salitang karaniwang ginagamit na ng mga Hapon. Halimbawa ay ang がちんこ (Gachingko). Ang isang seryosong laban ay tinatawag na "gachi no shobu" ngunit ito ay orihinal na isang termino ng sumo. Sumunod naman ay ang 土俵際 (Dohyogiwa). Mayroong isang pabilog na hangganan sa lugar kung saan gaganapin ang sumo, at kung lalagpas ka rito, matatalo ka. Dahil dito, ang sandali kung kailan ang mga bagay ay malapit nang

matapos ay tinatawag na "Dohyogiwa". Panghuli ay ang 千秋楽 (Senshuraku) Ibig sabihin nito ay ang huling araw ng pagtatanghal ng sumo gayundin sa mga pelikula at dula. Ang ibang mga salita tulad ng 序の口 (Jonokuchi), 死に体 (Shinitai), 力水 (chikara mizu), 水入り (Mizuiri) at ぶちかまし (Buchikamashi) ay orihinal na mga termino ng sumo. Magiging kawili-wiling alamin ang kahulugan ng mga ito.

Sa kaso ng Hon-basho tournament, na ginaganap anim na beses sa isang taon sa Tokyo, Nagoya, Osaka, at Fukuoka, mayroong mahigit 100 na laban bawat araw, at ang mga wrestler na lumilitaw sa rotation ay mayroon lamang isang laban kada araw. Nagpapatuloy ito sa loob ng 15 na araw, na napakabihira maging sa mga sports sa buong mundo. Bilang karagdagan, ang mga sumo wrestler ay nagiging pamilyar sa mga tao sa mga pagtatanghal na ginaganap sa buong bansa. Kaya naman ang mga sumo wrestler ay magiliw na tinatawag na お相撲さん (O sumo san). Pero hindi tinatawag ang isang baseball player na お野球さん (O yakyu san).

Ang panonood ng sumo wrestling, kung saan may malakas na tunog sa marahas na banggaan ng katawan at nagbabanggaang na ulo, ay kahanga-hanga kahanga-hanga.

Mangyaring subukan ito.



Kokugo no mori

Ito ay isang materyal sa pagtuturo para sa pag-aaral at kung paano gamitin ang mga salitang Hapon at kanji. Magsaya habang nag-iisip ng mga sagot. (nasa sumusunod na pahina ang mga sagot)

とにをがへもの

①上と下の言葉をつなぐ一字の言葉をえらんで書きましょう。

どこ	弟	だれ	かせ	バス	七時	にこまる	ノート
□	□	□	□	□	□	□	□
行こうか	わらわせる	いない	休む	つく	おきる	かさ	えんぴつ

指導・元世田谷区立
小学校教諭
高橋 裕子
イラスト・奈良 恵

言葉をつなぐ

Isang ngiti



Mga trainee na nakasuot ng “Longyi”, tradisyonal na damit ng Myanmar. Ang memorable picture na kuha sa harap ng Sensoji Temple ay napuno ng magiliw na ngiti sa ilalim ng bughaw na langit.

Sa araw na ito, nakapaglakad-lakad sila sa Nijubashi Bridge sa harap ng Imperial Palace, sumakay ng cruise ship sa Tokyo Bay, at nakapunta sa Tokyo Tower at Tokyo Skytree, na matagal na nilang gustong makita. Nakagawa sila ng maraming alaala.

※2023年7月投稿 (監理団体：TNK協同組合、実習実施者：株式会社兼藤)

Pumili kami ng isang larawan mula sa "Technical Intern Training Days" na nai-post sa website ng JITCO ng mga organisasyon na tumatanggap ng mga trainee. Tingnan dito ang pahina ng "Technical Intern Training Days" at mga kinakailangan sa aplikasyon. (<https://www.jitco.or.jp/ja/days/>)



Gabay sa mga consultation counter

[Kapag namroblema...?](https://www.otit.go.jp/notebook/) (<https://www.otit.go.jp/notebook/>)

Sa OTIT (Organisasyon para sa Teknikal Intern Training), maaari mong gamitin ang consultation counter sa iyong katutubong wika kapag ikaw ay may problema. Gayundin ang lokal na consultation counter at impormasyon sa pag-iwas sa kalamidad, at mga convenient app tulad ng “Mga salitang Hapon sa site” at “Technical Intern Training Handbook”.



ある言葉について、さまざまなお働きをする小く大事な言葉が助詞です。ある言葉の下について、他の言葉との関係を示したり、ある意味を添えたりする働きをします。

ほかにも「から・けれど・こそ・さえ・ほど……」などがあり、言葉の大事なつなぎ手となっています。

◆ここここたえ

Ang mga particle ay maliit ngunit mahalagang salita ito na may iba't ibang function sa isang partikular na salita. Ito ay inilalagay sa ilalim ng isang salita at may tungkuling ipakita ang kaugnayan nito sa ibang mga salita o magdagdag ng isang tiyak na kahulugan dito. May iba pa tulad ng 「から・けれど・こそ・さえ・ほど……」 na mahalagang ugnayan sa pagitan ng mga salita.

とも

2024年1月 冬季号

2024年1月1日発行

発行

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)

総務部広報室

〒108-0023

東京都港区芝浦2-11-5

五十嵐ビルディング

電話

03-4306-1166 (ダイヤルイン)

JITCO ホームページ

<https://www.jitco.or.jp/>